THE ROMAN CATHOLIC DIOCESE OF MALOLOS
COMMISSION ON SOCIAL COMMUNICATIONS
Diocesan Pastoral Center, 3000 Malolos City, Bulacan | 0967-477-6143 | dcsc.dioceseofmalolos@gmail.com

21 May 2023 **CS 2023 – 089**
Solemnity of the Ascension of the Lord
*57th World Communications Day*

**TO: DCSC Execom, Vicarial Chairmen and Coordinators, Parish SOCCOM Ministers AD MISSIO Media Partners and Benefactors**
**RE: PANGUNGUSAP NG PUSO: "Speaking with the Heart the Truth in Love"**
*Mensahe para sa mga SOCCOM Ministers ng Diyosesis ng Malolos*

**Hindi lang tayo nagpapahayag kundi nakikipag-ugnayan.**
***As communications ministers, we communicate not just to relay information or express our thoughts but to build relationships.***

Kung ang pagpapahayag ay nagdudulot ng pagkasira ng pagkatao at ng ating mga ugnayan, pinagtataksilan natin ang Panginoon na unang nakipag-ugnayan sa tao upang ipahayag ang kanyang pag-ibig at siyang nagbigay sa atin ng kakayanang makipag-ugnayan upang tayo'y pagbuklurin bilang kanyang mga Anak. Ito ang aking pagninilay mensahe ng ating Santo Papa para sa 57th World Communications Day, at hangarin natin bilang mga lingkod ng Simbahan na magsumikap na ito'y bigyang kaganapan.

Mula noong kasagsagan ng pandemya hanggang ngayon, ang mga live streamed masses natin ang nag-uugnay sa Simbahan sa mga maysakit at maging sa mga kababayan natin sa ibang bansa. Pinag-uugnay din ang pananampalataya at buhay sa pamamagitan ng mga contents na patuloy na itinataguyod ng ilang mga SOCCOM Teams sa kabila ng pagiging abala nila sa kani-kaniyang trabaho at eskwela. Nakatutuwa ding pagmasdan na sa ilang pagkakataon, nagkakatulungan ang mga SOCCOM Teams ng bawat parokya sa documentation at paggawa ng contents para sa Ang Sandigan. Kapansin-pansin rin ang pagtutulungan ng bawat isa sa pamamagitan ng cross posting ng contents o pag-share ng mga ito sa kani-kanilang Parish platforms o kahit sa kanilang personal accounts. Sana, magpatuloy ang kultura ng pagtutulungan, hindi tunggalian, sapagkat naglilingkod tayo sa iisang Simbahan!

Upang mas mapagbuti ang ating ugnayan at paglilingkod, inilulunsad natin sa araw na ito ang DCSC Organizational Manual na magiging gabay natin sa pamamahala ng ating Komisyon mula sa antas ng Diyosesis hanggang sa mga Parokya. Gayundin ang DCSC General Report, ang ulat ng mga naging gawain natin sa loob ng isang taon at ang naging pakikilahok ng mga SOCCOM Ministers sa mga ito. At sa natatanging paraan, kinikilala din natin ang mga parokya at bikarya nagpakita ng lubos na pakikiisa sa mga gawain.

Sa ngalan ng ating Mahal na Obispo Dennis C. Villarojo, nagpapasalamat ako sa lahat ng mga katuwang at bahagi ng ating Komisyon sa gampaning ipinagkatiwala sa atin ng Simbahan upang maging mga mamamahayag sa iba't ibang paraan: ang mga Parish Volunteers o SOCCOM Ministers sa pangunguna ng kanilang mga Coordinators, Gayundin ang mga Vicarial Chairmen at Coordinators, ang DCSC Execom at ang ating mga AD MISSIO Media Partners and Benefactors. Ang lahat ng inyong natatanging ambag sa gawaing ito ng Simbahan ay tunay ngang "pangungusap ng puso" ng mga taong nagmamahal sa Panginoon.

*Ang bawat sasabihin nawa'y mula sa iyong puso.*
*Isaalang-alang na ang kausap mo ri'y may puso.*
*Ang pagpapahayag, gawin mo nang may puso.*

Kaisa at Kaugnay ninyo,

**FR. JOSEPH FRANZ T. DIZON**
Chairman
Commission on Social Communications